

# Mga Debosyon para sa Kasal nina Enoch at Julia



**Danutasn Brown**



# Mga Debosyon para sa Kasal nina Enoch at Julia

Ni Danutasn Brown

Paunang Salita ni Enoch Khandagle



**[www.maranathamedia-philippines.com](http://www.maranathamedia-philippines.com)**

Ginanap ang Kasal noong Enero 25-30, 2023

# Mga Nilalaman

Paunang Salita – Paano Pinagpala ang Pag-aaral ng Katangian ng Diyos sa aking Panliligaw.....	5
1 Araw – Ang Dahilan ng Pag-aasawa.....	11
2 Araw – Isang Laman .....	15
3 Araw – Paniniwala sa mga Pangako ng Iba .....	21
4 Araw – Ang Banal na Huwaran para sa Pag-aasawa .....	25
5 Araw – Pag-aasawa bilang isang Bato sa Lipunan.....	31



# Paunang Salita – Paano Pinagpala ang Pag-aaral ng Katangian ng Diyos sa aking Panliligaw

Enoch Khandagle

Mahal na Mambabasa,

Sinomang nakasumpong ng asawa ay nakakasumpong ng mabuting bagay, at nakakamit ng pabor ng Panginoon. – Kawikaan 18:22.

Mga pagpapala sa pangalan ng ating Ama at ng Kanyang Minamahal. Nagpapasalamat ako sa ating Ama sa Langit at sa Kanyang mahal na Anak sa pagbibigay sa akin ng pribilehiyong magsulat ng paunang salita sa aklat na ito. Habang isinusulat ko ang paunang salita na ito hinihiling ko sa Panginoon na punuin ako ng Kanyang Banal na Espiritu at upang pagpalain ka rin, mahal na mambabasa.

Ako si Enoch Khandagle at ako ay 34 taong gulang na *Seventh-Day Adventist* mula sa *India*. Ang buklet na ito na nakatuon sa kasal sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos natagpuan ang pinagmulan nito sa aking kasal na naganap noong ika-29 ng Enero 2023. Ang may-akda ng buklet na ito ay si – Kapatid Danny Brown – ang aking mapagmahal sa Diyos na kaibigan kay Kristo. Bago ko sabihin sa iyo ang higit pa tungkol sa may-akda at ng buklet na ito, hayaan mong ikwento ko muna sa iyo kung paano ko napakasalan ang aking magandang asawang si Julia at ang mga paghihirap na dinanas ko sa aking landas.

Bilang ako at si Julia ay malapit ng magkamag-anak, kilala namin ang isa't isa mula pa noong mga bata kami. Parehas kaming halos lumaki sa isang nominal sa tahanan ng *Adventist*. Sinasabi ko halos dahil ang Tatay ni Julia ay isang

*Polish* na Katoliko at ang kanyang ina ay isang *Adventist* na may takot sa Diyos.

Sa kabilang panig, ang aking ama ay ika-3 na henerasyon ng *Adventist* at ang aking ina ay pinalaki sa isang tapat na pamilyang nagsisimba ng linggo.

Ngayon narito ang masamang bahagi: gaano man kahusay ang pagsisikap nating mga magulang na panatiliing sama-sama ang pamilya, hindi sila makakabuo ng isang mabuting pamilya. Sa lahat ng ito, ang magandang bahagi ay si Julia at ako mula sa murang edad ay pinili nang sundin ang pananampalataya ng *Adventist*. Gayunpaman, lumago tayo kay Kristo sa iba't ibang paraan.

Habang ako ay nakatira sa isang *Adventist* na kampus, alam na alam ko ang pananampalataya ng isang *Adventist*. Bilang isang mabuting *Adventist*, sinikap kong palugdan ang Panginoon sa lahat ng paraan. Nanalangin ako at nagbabasa ng aking Bibliya sa umaga at gabi, at iningatan ang *Sabbath* mula sa paglubog ng araw hanggang sa paglubog ng araw. Madalas din akong nagbabayad ng ikapu at nag-aayuno paminsan-minsan. Sa edad na 24 (taong 2013), kumbinsido akong kilala ko ang Diyos. Ngunit ang totoo, hindi ko nakilala ang tunay na Diyos bilang Siya. Ako ay may sakit, miserable, mabigat sa espirituwal na pasanin, at puno ng pagmamatuwid sa sarili hanggang sa labi ng aking kaluluwa.

Nabuhay ako sa buhay na ito nang hindi bababa sa 3 taon hanggang noong 2016 natagpuan ko ang mensahe ng *Character of God* (COG) sa tulong ng isang Amerikanong misyonero. Habang pinag-aaralan ko ang mensaheng ito at tinanggap ito ng buong puso, ang buhay ko ay lubhang nagbabago para sa tunay na Kaluwalhatian ng Diyos. Akala ko noong mga panahon na iyon nagbago na ako. Pero sabi nga nila, "MAS MADALING SABIHIN KESA GAWIN". Kinailangan ko pang matuto ng maraming bagay tungkol sa karakter ng Diyos at iwaksi ang napakaraming maling paniniwala at gawi ko. Hindi ko alam kung ano ang darating sa akin at kung paano ako susubukin at mababago sa larawan ng Diyos.

Nakilala ko si Julia sa *India* noong tag-araw ng Abril 2016. Si Julia, ang kanyang pinsan, ang kanyang kapatid na lalaki, at ang kanyang ina ay bumisita sa aming pamilya sa loob ng dalawang maikling linggo. Ako ay 27 taong gulang at si Julia ay 25. Kilala namin ang isa't isa bilang mga bata, ngunit noong tag-araw na iyon ay nakilala namin ang isa't isa bilang mga matatanda. Di nagtagal, nalaman namin na talagang nasisiyahan kami sa piling ng isa't isa at, sa aming sorpresa, sa ikalawang lingo kami ay nagmamahalan. Hindi nagtagal ay natapos na ang paglalakbay ni Julia at ng kanyang pamilya at kinailangan nilang bumalik sa kanyang tahanan sa *United Kingdom* (UK). Kahit magkalayo, pinili naming mahal in ang isa't isa ng tapat. Ngunit hindi iyon sapat. Pareho kaming nagkaroon ng maraming bagay na dapat malaman tungkol sa isa't isa.

Bilang isang karaniwang lalaking *Indian*, iniisip ko ang tungkol sa isang babae na nakatira sa kanluran, natakot ako na si Julia ay walang takot sa Diyos. Oo, may kanlurang bahagi si Julia sa kanya pero hindi ibig sabihin na wala syang Diyos. Tulad ng anumang nominal na *Adventist*, pumupunta siya sa simbahan tuwing *Sabbaths*, sinuportahan ang kanyang ina at mga kapatid, at halos inalagaan din ang kanyang yumaong ama na noon ay nakatira sa *Austria*. Isa siya sa pinakamagagandang kaluluwa na maari mong kasama. Gayunpaman, sa isip ko, medyo malayo siya sa aking tradisyonal na ideya ng *Indian* kung paano dapat maging isang babae. Namimighati ako at ito ang sumunod.

Habang nag-uusap kami sa telepono araw-araw nagsimula akong matuto tungkol sa ilang kakaibang mga gawi sa pamumuhay na walang Diyos sa *UK*. Natatakot ako na ang pamumuhay na ito ay may malalim na impresyon kay Julia. Dahil madalas niyang ginugugol ang kanyang oras kasama ang kanyang mga hindi Kristiyanong kasamahan pagkatapos ng trabaho, labis akong natakot na akayin siya palayo sa Diyos. Sa kaibuturan ng aking puso, sinadya kong makipaghiwalay kay Julia kung hindi ko nakitang sumunod siya sa Panginoon tulad ng ginawa ko.

Pero ang totoo ay hindi ko ginustong humiwalay. Simula pa lang ng relasyon naming at kaunti lang ang alam ko tungkol kay Julia. samakatuwid, ang pagpapatuloy ng isang relasyon sa kanya ay parang pagpuntirya sa dilim.

Walang mali kay Julia. Ang aking takot at mga pagpapalagay ay humantong sa akin na mag-alinlangan kung ako ay nasa tamang tao. Natatakot ako na ang relasyong ito ay ilayo ako sa Diyos. Kaya ginawa kong misyon sa buhay ko na akayin siya palapit sa Diyos. Pinamunuan ko at kinokontrol ko ang mga pangyayari sa buhay ni Julia para mapalapit siya sa Diyos. Pinilit ko siyang makipagdebosyon sa akin, umaga at gabi.

Ang kaawa-awang si Julia ay minsang nakaramdam ng labis na pagkabalisa na napahagulgol siya sa pag-iyak. Maraming beses na galit niyang hinihiling sa akin na itigil ko na ang pagko-kontrol sa kanya. Dati pakiramdam ko galit siya kasi ayaw niyang magdasal. Pero nagulat ako, araw-araw siyang nagdarasal kasama ko at sumusunod sa bawat mabuting bagay na sinabi ko sa kanya.

Lumipas ang mga buwan, nakita kong mas marami ang mali sa akin kaysa sa kanya. Una, hindi ko pinahintulutan ang Diyos na pangalagaan ang aking mga pagdududa at takot. Nilampasan ko ang lumabag sa kanyang hindi puwersahang banayad na paraan upang maging panginoon ng aking kapalaran. Pangalawa, kapag walang dahilan, pinagdududahan ko si Julia at mali rin ang paghusga ko sa kanya. Ako ay mapanghusga, nagkokontrol, nangingibabaw, at napaka-matuwid sa sarili.

Nang tulungan ako ng Diyos na matanto ang aking kasalanan, pinagsisihan ko ito. Nakita kong dumaloy ang malalaking biyaya at kaligayahan sa aming relasyon. Si Julia ay buong pagmamahal na nagpasakop sa aking pamumuno nang walang puwersa at nagmamalasakit siya sa aking kapakanan. Mapanalangin at sa pamamagitan ng regular na pag-uusap tungkol sa mga unang hindi pagkakaunawaan, pinagsikapan namin ni Julia na alisin siya sa trauma na dinala ko sa kanya. Sa awa ng Diyos, natutunan ko na ang kalayaan sa pagpili ay isang pangunahing karapatan ng isang tao. Walang taong perpekto at samakatuwid ang mga bagay ay maaaring maging talagang masama sa isang relasyon kung hindi natin isusumite ang ating mga takot at pagdududa sa Diyos. May mga dakilang pagpapala ang mga paraan ng Diyos na ginagawa. May isang paraan lamang at iyon ay si Hesu Kristo.



Napakapalad namin na makasama si Kapatid Danny Brown sa aming kasal. Siya ay tunay na puspos ng Espiritu ni Kristo. Ang aming mga pamilya, mga kaibigan at ang aking mahal na asawa ay talagang gusto si Kapatid Danny bilang isang tao. Inihanda niya ang mga mensaheng ito upang ibahagi sa mga pamilya ng kasal, kamag-anak, at kaibigan, limang araw bago ang aming kasal. Kami ay tunay na nagpapasalamat na si Kapatid Danny ay nakarating sa *Pune, India* at ibinahagi sa amin ang mensaheng ito. Sa buklet na ito, inihaharap niya ang mahahalagang katotohanan na mahalaga sa espirituwal na paghahanda ng isa para pumasok sa isang maligayang buhay may-asawa. Talagang mabait siya na maggamit ang mga mensaheng ito sa anyo ng isang buklet. Pagpalain nawa siya ng Diyos at ang kanyang pamilya at ang ministeryo.





# 1 Araw – Ang Dahilan ng Pag-aasawa

Nawala ang karamihan sa nakakaakit-akit sa pag-aasawa sa ating panahon. Tila nabawasan ang kahalagahan nito dahil sa pagdating ng kontrasepsyon o pagkontrol sa panganganak, na naging dahilan upang makagawa tayo ng sekswal na pag-uugali nang hindi nababahala tungkol sa pagkakaroon ng mga anak. Bago ang kontrasepsyon, ang kasal ang paraan kung papaano kinikontrol ng lipunan ang sekswal na pag-uugali upang matiyak na ang mga bata ay may mga magulang.

Ang aking kapatid na babae ay ikinasal kamakailan sa kanyang kasintahan. Pareho silang hindi relihiyoso. Sampung taon na silang nagsasama, at natutulog na sila sa iisang kama. “Kaya anong pagkakaiba ng pag-aasawa?” tanong ng mama ko. Syempre may sagot, para ang lipunan ay laging may mga panuntunan nito, kahit na ang isang ligaw na bukas na lipunan tulad ng Amerika. Ang pag-aasawa ay nagagawang ligtas ang relasyon, dahil nagiging mas mahirap ang paghihiwalay – legal at sosyal. Sinabihan pa ang aking kapatid ko ng kanyang biyenan na babae na hindi matalino para sa kanya na hindi magpakasal ng matagal, dahil ang panganib ay higit sa babae dahil hindi sya mapapahalagahan habang siya ay tumatanda. At kahit na maaari tayong mamuhay at matulog nang magkasama ngayon nang hindi kasal sa sekular na lipunan, ang pagkakaroon ng isang sanggol na hindi kasal – iyon ay napakasobra na.

Kaya bakit sinasabi ng lipunan na dapat tayong magpakasal? Ginagawa natin ito dahil sa tingin natin ay kailangang sabihin na kami ay kinasal upang magkaroon ng mga anak. O nahihiya tayong hindi mag-asawa kapag ang mga nakapaligid sa atin ay may asawa na (ganyan ang pakiramdam ko minsan). O kaya naman ay pinipilit tayo ng ating mga kamag-anak at inaayos na tayo upang ikasal sa iba. O ginagawa natin ito upang ipakita ang ating pangako sa ating nobya/noby, isang marka ng katapatan na hindi na tayo maghahanap ng panibagong romantikong relasyon.

Ito ang mga anino ng orihinal na dahilan ng pag-aasawa, dahil ang kasal ay ang maluwalhating bato ng orihinal na paglikha ng tao. Ang kasal ay higit pa sa kasiyahan nina Adan at Eba. Ito ay napakahalaga kung paano ipagtanggol ng Diyos ang kanyang sarili laban sa mga akusasyon ni Satanas. Ipapakita nito ang pagkakaisa na gusto Niya, isang dalisay, banal na relasyon, at kung paano niya nakita ang isang pamilya na dapat gumana. Ipapakita ng Diyos ang kagandahan kung paano siya namamahala sa maliit na larawan.

At sinabi ng Panginoong Diyos, Hindi mabuti na ang lalake ay mag-isa; gagawa ako ng makakatulong para sa kanya. (Genesis 2:18)

Nilikha ba ng Diyos sina Adan at Eba nang sabay? Sinabi ba niya sa kanilang dalawa na panatilihin ang hardin? Hindi, una Niyang nilikha si Adan. Hindi niya agad ginawa si Eba at sinabihan si Adan: “Pakasalan mo siya at magkaanak.” Hindi siya ganoong uri ng Ama. Naramdaman kong ako ay pinagpala dahil hindi ako pinipilit ng mga magulang ko na bigyan sila ng mga apo (bagaman ang lola ko gusto). Hindi sinasabi na mali ang gusto ng mga apo! Ngunit ang buhay ay napakahirap nang walang pwersa ng paglikha ng mga bata! Dapat ba akong magpakasal para lang magkaroon ng anak? Hindi iyon magiging patas sa aking asawa, dahil dapat ko siyang pakasalan dahil mahal ko siya! Kasi paano kung hindi siya mabuntis? Itatabi ko ba siya tulad ni Haring Henry VIII? Kaya anong nangyari pagkatapos sabihin ng Diyos, “Hindi magandang mag-isa ang tao...” Dinala ng Diyos ang lahat ng hayop kay Adan at pinangalanan ito ni Adan lahat. Bakit? Ang pagbibigay ng pangalan sa mga hayop ay tumitiyak na aakohin niya ang responsibilidad sa kanila; kapag pinangalanan natin ang ating mga alagang hayop ay nagiging mas bahagi sila ng ating pamilya. Sa pamamagitan ng prosesong ito ay napagtanto din ni Adan na siya ay nag iisa; hindi niya maipahayag ng maayos at malalim ang kanyang kaloob-looban sa mga hayop. Marahil ay nakikita pa niya ang ilan sa kanila na magkapares. Nais niyang magkaroon ng isang tao na maari niyang magkaroon ng malalim na katuparan sa relasyon.

“At binigyan ni Adan ng mga pangalan ang lahat ng hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawa’t hayop sa parang; ngunit para kay Adan ay walang nasumpungang katulong para sa kanya.”  
(Genesis 2:20)

Nayon ay handa na siyang magpakasal. Kung ginawa lang ng Diyos si Eba sa lupa nang hindi dumaan si Adan sa prosesong ito kasama ng mga hayop na nagpaunawa kay Adan ng kanyang kakulangan, maaring nakita niya ang babae at sasabihing: “Sino siya? Maayos naman akong mag-isa, salamat.” Pero ngayon ay may taos-pusong pagnanais si Adan na magkaroon ng kapareha, kaya handa na siyang magpakasal. Nakilala niya kung gaano kahalaga ang isang kapareha. Sana ay makilala din natin kung gaano kahalaga ang isang kapareha na ibinigay ng Diyos – *bago* tayo magpakasal.

*Sinomang* nakakasumpong ng asawa ay nakakasumpong ng mabuting *bagay*, at nagtatamo ng pabor ng PANGINOON.  
(Kawikaan 18:22)

Ngunit tulad din noong bata pa tayo, madalas ay hindi natin pinahahalagahan si Hesus, minsan kailangan nating lumaki at mag-*mature* ng husto bago natin mapagtanto kung gaano kahalaga ang isang asawa. Habang tumatanda ako, napagtanto ko kung gaano kahalaga ang katatagan. Tingnan natin ang mga taong maganda ang pagtanda. Pag-isipan natin kung gaano ito katatag dahil sa matibay na pagsasama. Huwag nating balewalain, tulad ng mga taong nagkaroon ng ginto at hindi napagtanto ang halaga nito.

Ang maayos na ugnayan ng mag-asawa ay ang pundasyon para sa lahat ng mga anak na lumaki at mamunga. Si Adan at Eba ay bibigyan ng kapangyarihang hubugin ang kapalaran ng kanilang mga anak, at sa gayon sila ay nasa larawan ng Diyos at ng Kanyang Anak na nagbabantay sa paglaki ng kanilang mga nilikhang anak.

Hindi maaring magkaanak ang mga anghel. Ang kapangyarihang ito upang lumikha ng bagong buhay ay ibinigay ng Diyos sa atin sa pamamagitan ng kasal

at pagsasama. Ang mga anghel, sa pamamagitan ng pag bigay ng tungkulin sa kanila na maging ating mga tagapag-alaga, ay makikita nang eksakto kung papaano gumagana ang isang pamilya. Matututuhan ng mga anghel ang malalim na pinagbabatayan ng mga alituntunin kung ano ang nagbibigay ng kaligayahan sa pamilya, mga alituntuning hindi pa nila naunawaan noon pa man. Ito ang dakilang aral na nais ng Diyos na matutunan nila – kung gaano kaseryoso at kahirap, ngunit maganda at kasiya-siya, ang pagkakaroon ng pamilya. Na ang tungkulin ng Diyos bilang Diyos ay bilang isang Ama, hindi bilang isang diktador, at isang diktador ay hindi kailanman ang tamang paraan upang patakbuhan ang isang pamilya. Ang lalaking pinipilit ang kanyang pamilya sa isang marahas na paraan ay hindi magbibigay ng perpektong kaligayahan na taglay ng mga anghel sa ilalim ng Diyos. Ganito mananalo ang Diyos sa Dakilang Kontrobersya: sa pamamagitan ng pagiging isang aral ng sangkatauhan sa buong uneberso na mauunawaan ng lahat, at sa gayon:

...Ang Diyos ay ganap na wawakasan: ang kadalambahatian ay hindi babangon sa ikalawang pagkakataon. (Nahum 1:9)

## 2 Araw – Isang Laman

Nang ako’y bata pa, ako’y nagsasalita na parang bata, ako’y nag-iisip na parang bata: nguni’t nang ako’y maging lalaki, aking inalis ang mga bagay na pambata. (1 Corinto 13:11)

Noong bata pa ako, ang pagiging matatag ay binalewala ko; Mas hinangaan ko ang panandaliang pagkislap ng pagkamalikhain at ang hindi makontrol na pagnanasa sa buhay. Hinahangaan ko ang kalayaan, pagsasarili ng isang pamilya ay itinuturing kong nakakatamad at nakakainip – ano ang gagawin mo kung hindi ka magtatagumpay sa buhay. Tulad ng sinasabi ng mga tao patungkol sa mga *artist*: “ang mga hindi matagumpay sa kanilang kagalingan – musika, pagpipinta, atbp. – ay nagiging guro” – at sa gayon ang mga guro ay hindi iginagalang at nakikita bilang mga kabiguan (lalo na ang mga guro ng arts). Ang isang taong nag-iisip sa ganitong paraan, na ang halaga ay lahat sa mga gawa at pagganap at kaluwalhatian sa mundong ito, ay hindi pinahahalagahan ang isang pamilya, at marahil ay hindi pa handang magkaroon ng pamilya – kaya marami ng mga deborsyo sa mundo.

Pero hindi lang natin maipipilit na lumaki ang mga tao. Hindi mo masasabi sa mga tao ang lahat at asahan mong makukuha nila ito kaagad. Nawa’y magtiwala sa atin ang mga nasa ilalim natin kapag sinabi natin sa kanila, tulad ng ginawa ko kamakailan sa isang batang babae sa *NE India*, na “kung kumain ka ng lolipap buong araw magkakaroon ka ng mga sira sa ngipin sa hinaharap!” Ngunit kailangan niyang maranasan mismo ang ilang mga sira sa ngipin para sa kanyang sarili, at sana ay hindi siya magalit sa Diyos tungkol dito. Sa parehong paraan, ang sangkatauhan ay kailangang matanto ang lubos na katotohanan ng pahayag ni Kristo: “Hindi lamang sa tinapay nabubuhay ang tao, kundi sa bawat salita na nanggagaling sa bibig ng Diyos.” At sana ay hindi tayo magalit sa Diyos sa lahat ng paghihirap na ating pinagdaanan dahil sa hindi pagpansin sa Kanyang mga salita sa atin.

Kaya alam ng Diyos na kailangan muna nating maranasan ang mga bagay, at

iyon ang ginawa ng Diyos para kay Adan. Ibibigay niya kay Adan ang pakiramdam na nangangailangan ng asawa, sa pamamagitan ng kanyang karanasan na napagtanto na hindi siya napuno sa kanyang mga relasyon sa mga hayop (siya ay binigyan ng pagkakataon na subukan!).

At binigyan ni Adan ng mga pangalan ang lahat ng hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawat hayop sa parang; ngunit para kay Adan ay walang nasumpungang kaagapay na nararapat para sa kanya. At pinahintulutan ng Panginoong Diyos si Adan ng mahimbing na tulog... (Genesis 2:20-21)

Kaya pinatulog ng Diyos si Adan...isang eupemismo/termino para sa kamatayan. Ang pag-aasawa ay ang mamatay sa dating pagkatao at ipanganak na muli na konektado sa iba. Kailangan nating mamatay sa pagkamakasarihan at muling ipanganak na muli upang ang ating priyoridad ay ang iba.

“Pagmalasakitan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang sa inyong sarili.” (Filipos 2:4)

Kailangan nating sanayin ang paggawa nito hanggang sa maging bahagi ito ng ating kalikasan, isang bagay na napagtanto nating mabuti para sa atin! At sa pamamagitan ng pag-aaral kung paano mamuhay kasama ng iba sa ating pamilya, matututunan natin kung paano mamuhay para sa iba sa ating mga paaralan, sa ating komunidad, at sa wakas para sa lahat ng tao – kung gayon tayo ay magiging katulad ni Jesus, “na ibinigay ang kanyang sarili bilang pantubos para sa **lahat**. ... (1 Timoteo 2:6)

Kaya, kinuha ng Diyos ang tadyang na nagpoprotekta sa puso ni Adan, ibig sabihin, kailangan niyang protektahan ang puso nito (at siya ang kanyang puso). Idinagdag din ito ni Ellen White:

“Ang Diyos mismo ang nagbigay kay Adan ng isang kasama. Nagbigay siya ng “kaagapay na karapat-dapat para sa kanya”



isang kaagapay na katumbas sa kanya – isa na karapat-dapat na maging kanyang kasama, at maaaring maging isa sa kanya sa pag-ibig at pakikiramay. Si Eba ay nilikha mula sa isang tadyang na kinuha mula sa tagiliran ng isang Adan, na nagpapahiwatig na hindi niya dapat kontrolin siya bilang ulo, o yurakan sa ilalim ng kanyang mga paa bilang isang mas mababa, ngunit upang tumayo sa tabi niya bilang isang kapantay, upang mahalín at pinoprotektahan niya.” (PP 46.2)

Pagkatapos ay nakita siya ni Adan at ano ang sinabi niya? Napakaganda niya! Bibigyan niya ako ng mga anak! Ito ang tutulong sa akin sa pagtatrabaho! Hindi, ito ang sinabi niya:

<sup>23</sup>At sinabi ni Adan, "Ito ngayo'y buto ng aking mga buto, at laman ng aking laman: siya'y tatawaging Babae, sapagka't siya'y kinuha sa Lalaki."

Sila ay isang laman. Aalagaan siya ni Adan tulad ng pag-aalaga niya sa sarili niya. Mamahalin ni Eba si Adan gaya ng pagmamahal niya sa sarili niya. Sa kanilang kasal sila ay nakatali sa isang espiritu.

Isang bahagi ng tao, buto ng kanyang buto, at laman ng kanyang laman, siya ang kanyang pangalawang sarili, na nagpapakita ng malapit na pagsasama at ang mapagmahal na dapat na umiiral sa relasyong ito. "Sapagka't wala pang taong napopoot sa kaniyang sariling laman; ngunit pinangangalagaan at inaalagaan." Efeso 5:29. "Kaya't iiwan ng lalaki ang kanyang ama at ang kanyang ina, at makikisama sa kanyang asawa; at sila ay magiging isa." (PP 46.2)

Walang tao kailanman ang napopoot sa kanyang sariling laman, ngunit pinapalusog at minamahál! Tingin ba natin sa ating asawa ay sarili nating laman? Nakikita ba natin sa mga tao na pinuputol ang kanilang mga braso o Binti at nagsasabing "Ayoko nang mamuhay sa bahagi ng katawan na ito"?

Hindi... at dapat ganon din sa pag-aasawa. Higit pa rito, ang aral na ito ay dapat na palawakin sa hindi pagputol ng sinuman sa ating kapwa. Ang pag-aasawa ay kung saan nakikita natin ang mga prinsipyo ng pagsasakripisyo sa sarili sa pamamagitan ng pagsasagawa, at pagkatapos ay maaari nating tularan ang mga prinsipyong iyon sa ibang mga aspeto ng buhay. Sa pamamagitan ng pamumuhay para sa iba, sinusunod natin si Kristo na ating ulo at kung paano Siya nabubuhay para sa buong sangkatauhan.

...Si Kristo rin ang ulo ng simbahan, Siya mismo ang Tagapagligtas ng katawan. (Mga Taga Efeso 5:23)

Dahil sa mataas na pagpapahalaga at layunin ng Diyos para sa pag-aasawa – ito ang halimbawa para sa lahat ng iba pang mga relasyon – pinrotektahan ito ng Diyos upang ang mga pagsasaalang-alang nito ay dapat na higit sa lahat ng iba pang relasyon ng tao, maging ng magulang-anak. Sa katulad na paraan, ang ating relasyon kay Kristo ay dapat na higit sa lahat ng iba, maging ng estado-mamamayan.

<sup>24</sup> Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina at makikisama sa kaniyang asawa: (Genesis 2:24)

Ibinahagi ko ang talatang ito sa aking *Budhist* na estudyante minsan, at tinanong niya kung bakit kailangan nating iwan ang ama at ina? Ngunit ang punto ay hindi natin nakalimutan ang ating mga magulang, ito ay ang mga pagsasaalang-alang ng mag-asawa, ang kanilang impluwensya, ay dapat na mas malaki kaysa sa ama o ina. Ganyan kahalaga ang pagtingin ng Diyos sa kasal. Ang mga magulang ay dapat talagang magdasal nang husto bago sila magbigay ng payo sa isang mag-asawa, at hindi dapat pahirapan ang asawa ng kanilang anak. Nakakalungkot na marami kaming biro sa Ingles tungkol sa pagkapoot sa iyong mga pamilya. Ngunit ito ay hindi lamang sa Kanluraning kultura: parehong sinisisi ng aking lola na *Thai* at ng aking kaibigang *Indian* na *Hindu* ang pagsasaalang-alang ng kanilang mga asawa sa salita ng kanilang mga kamag-anak higit sa salita ng kanilang asawa na dapat sisishin sa kanilang diborsyo. Kaya't tandaan ng mga Lalake na, “lumapit sa kanilang mga asawa,”

at ang mga babae ay tumulong at sumuporta sa kanilang asawa.

Ang kahalagahan ng relasyong ito ng kasal sa ibang mga relasyon ay ang paraan na nais ni Jesus na makasama ang kanyang simbahan. Nais Niyang matanto ng Kanyang Simbahan ang pangangailangan nitong maging ganap na pagkakaisa sa Kanya. Nais Niyang pakasalan natin Siya at mapagtanto ang bunga ng kahulugan nito – 1 laman, huwag hayaang masira ang tao – kundi pati na rin ang dakilang kaluwalhatian at aktuwalisasyon na nagmumula sa isang magandang kasal. Ang mga bagay na simbolikong naging mga magulang natin sa mundong ito – ang mga pilosopo, ang mga negosyante, mga siyentipiko, ang mga *influencer* ng *Instagram* – dapat nating iwanan sila tulad ng pag-alis natin sa ating mga magulang, at pagkakaisa kay Kristo. Hindi ito nangangahulugan na hindi na muling makinig sa kanila! Ngunit na ang relasyon kay Hesus ay pinakamataas at ang Kanyang mga pag-aalala ay dapat na pangunahin sa ating isipan, tulad ng tayo ay nangunguna sa Kanyang isip. At ang pinakamahalaga sa Kanyang isipan ay kung paano sinisira ng kasalanan ang Kanyang mga anak at nasasaktan Siya.

Si Hesus ay gumawa ng isang seryosong pangako sa atin, at Siya ay humihingi ng isang seryosong pangako mula sa atin sa Kanya. Sinabi niya na Siya ang bahala sa atin, ngunit maaari ba tayong magtiwala sa Kanya? Kailangan nating pumili, kailangan nating gumawa ng “paghuhukom na tawag.”

Pahayag 14:7 Na nagsasabi ng malakas na tinig, Matakot ka sa Dios, at luwalhatiin mo siya; dahil ang oras ng kanyang paghahatol ay dumating na: at sambahin ninyo siya na gumawa ng langit, at ng lupa, at ng dagat, at ng mga bukal ng tubig”.

Niligawan ng Diyos ang sangkatauhan sa loob ng 6000 taon, at ngayon ay dumating na ang oras ng paghatol – ano ang ating pagpapasya? Nais ng Diyos na tingnan natin ang ating relasyon sa Kanya at magpasya kung gusto nating mamuhay kasama Siya magpakailanman. Sa kinailaliman ng ating puso, gusto ba nating makiisa sa Diyos at maging bahagi ng Kanyang pamilya?

Kung ihahambing natin ito sa pag-aasawa, ito ay sa babae kapag hiniling ng lalake na pakasalan siya... bigyan ng matinding takot at paggalang sa sitwasyon, dahil dumating na ang oras ng paghuhukom... sasagutin mo ba? Tatanggapin mo ba ang lalaking ito para ikasal? Napag-aralan mo na ba ang kanyang pagkatao upang malaman na siya ay magiging matatag at totoo at mabait at malumanay... “hanggang kamatayan maghihiwalay sa atin?”

Dahil kung mayroon tayong anumang mga pagdududa tungkol kay Jesus, lalabas sila sa oras ng krisis at pipigilan tayong mamuhay kasama niya magpakailanman. Kaya seryosohin natin ang panliligaw natin!



### 3 Araw – Paniniwala sa mga Pangako ng Iba

At sinabi ni Adan, “Ito ngayon ang buto ng aking buto, at laman ng aking laman: siya’y tatawaging Babae, sapagka’t siya’y kinuha sa Lalaki.” (Genesis 2:23)

Parehong kinailangan ni Adan at Eba na maniwala sa Diyos na si Eba ay nagmula kay Adan. At nang sabihin ni Adan ang mga salitang ito- “buto ng aking buto”- ang ibig nilang sabihin ay “Aalagaan kita,” at kailangang maniwala si Eba na gagawin iyon ni Adan.

Madalas tayong nangangako ng mga bagay sa mga kasalan. “Mamahalin kita magpakailan man. Lagi akong nandyan para sayo. Iisipin kita bago ko isipin ang sarili ko. Hinding hindi kita paiiyakin. Papakainin kita kapag ikaw ay nagkasakit, at aaliwin kita kapag ikaw ay may sakit. Hinding hindi kita iiwan o pababayaan.”

Ako ay nasa isang kasal minsan kung saan ang isang lalake ay mapang-uyam na nagsabi sa akin, “Puro lahat salita. Hindi mo maipapangako ang lahat ng iyon. Akala mo kaya mo na ngayon, ngunit kapag naging mahirap ang mga bagay, darating ang katotohanan.” Tama ba siya? Ito ay madalas na tila ang kaso, isinasaalang-alang kung gaano karaming paghhiwalay/divorce. Ang Bibliya, sa isang diwa, ay nagsasabi rin sa atin na huwag mangako at manata.

Ngunit higit sa lahat, mga kapatid ko, huwag kayong manumpa, maging sa langit, o sa lupa, o sa anumang iba pang panunumpa, kundi maging oo ang inyong “oo” at ang inyong “hindi” ay hindi, upang hindi kayo mahulog sa ilalim ng paghatol. (Santiago 5:12)

Sa palagay ko ay walang anumang halimbawa ang Bibliya ng mga pangako mula sa asawang lalake sa asawang babae, o asawa sa asawang lalake, tulad ng ginagawa natin sa modernong mga kasalan. Tila kinalimutan ang inaasahan sa magkabilang panig. Kaya mali bang sabihin na gagawa tayo ng mga bagay

para sa ating asawa?

Parang hindi naman. Ngunit sa palagay ko dapat nating pag-isipang mabuti kung ano ang inaalok nating gawin, at pagkatapos ay maniwala na tutulungan tayo ng Diyos na gawin ito. Kung sinabi ng Diyos, sa Efeso 5, na ang diin para sa mga babae ay “igalang at pasakop sa kanilang mga asawa, at para sa mga lalaki na magmahal at magsakripisyo para sa kanilang mga asawa” (tulad ni Kristo para sa simbahan), kung gayon tiyak na bibigyan tayo ng Diyos ng paraan upang gawin ito. Ngunit gusto natin ng mga detalye, at kaya sinasabi natin na gagawin natin ito at gagawin natin iyon. Nagbigay ang Diyos ng mga espisipiko kay Abraham kung ano ang gagawin Niya para sa kanya:

At inilabas ng Diyos si Abraham, at sinabi, Tumingala ka ngayon sa langit, at iyong saysayin ang mga bituin, kung mabibilang mo sila: at sinabi niya sa kaniya, Magiging gayon ang iyong binhi.”

At si Abraham ay naniwala sa Panginoon; at ibinilang niya ito sa kanya bilang katuwiran. (Genesis 15:4-5)

Ang mahalagang bahagi dito ay **si Abraham ay naniwala sa Diyos**, at iyon ang naging dahilan upang siya ay matuwid.

Iniingatan ng matuwid ang matuwid sa daan. (Kawikaan 13:6)

*Ang ating paniniwala sa mga pangako ng ating asawa, kung ano ang inaalok niyang gawin at magagawa niya sa Diyos, ay mabibilang na matuwid sa atin. Dapat tayong magsikap ng taimtim na maniwala sa kanilang sinasabi. Ang paniniwalang iyon sa iba ay magpapanatili sa atin na “matuwid sa daan;” ito ay magiging isang bato at nagpapanatili sa pagsasama ng matatag. Kung paniniwalaan natin at sineseryoso natin ang mga salita ng iba, sila rin mismo ang mas seseryosohin ang mga salitang binibitawan nila.*

At paano kung hindi nila ginagawa ang sinabi nilang gagawin nila? Dapat ba

tayong magtampo? Dapat ba tayong magalit? Dapat ba tayong sumigaw? Dapat ba tayong manama? Dapat ba tayong makipaghiwalay? Hindi, dapat nating tandaan kung saan nagmumula ang kapangyarihan sa kasal, kung saan nagmumula ang kapangyarihang gumawa ng mabuti – ang Diyos. Kaya dapat tayong manalangin, at dapat tayong lumapit sa Kanyang salita, at dapat nating pabanalin ang ating sarili. Kung “ang kabutihan ng Diyos ay umaakay sa tao sa pagsisisi,” ang kabutihan ng asawa ay maaaring umakay sa isa pa na magsisi rin.

Kaya’t tandaan natin na habang may kapangyarihan sa “Gagawin ko” sa Diyos – “Nangangako ka bang aalagaan ang iyong asawa, sa karamdaman at sa kalusugan?” “Gagawin ko.” Mayroong pantay, malalim, at mas banayad na kapangyarihan sa “Naniniwala ako” – “Naniniwala ka bang aalagaan ka ng iyong asawa?” “Naniniwala ako.” At kung minsan ang “Naniniwala ako” ay kailangang tumulong sa pagsuporta sa “Gagawin ko.” At alalahanin natin ang kapangyarihan ng katiyakan – dahil ang katiyakan ng kaugnayan sa Kanyang Ama ang nagbigay-daan kay Hesus na madaig si Satanas: “Ikaw ang aking minamahal na Anak, na lubos kong kinalulugdan,” sabi ng Ama. At sa gayon, ang kahilera para sa atin ay:

“Ikaw ang aking minamahal na asawa, na aking pinagkakatiwalaan.”

At sa pagkakaroon ng katiyakang iyon na mahal in ng “ating pangalawang sarili,” ang ating tapat na kasama, maaari tayong lumabas at harapin ang mundo at ang lahat ng bagay na ibinabato sa atin ni Satanas. Aleluya.





## 4 Araw – Ang Banal na Huwaran para sa Pag-aasawa

Kapag ang mga banal na alituntunin ay kinikilala at sinunod sa kaugnayang ito, ang kasal ay isang pagpapala; ito ay nagbabantay sa kadalisayan at kaligayahan ng lahi, nagbibigay ito ng panlipunang pangangailangan ng tao, itinataas nito ang pisikal, intelektwal, at moral na kalikasan. (PP 46.3)

Ang relasyon ng mag-asawa ang una at pinakamahalagang relasyon sa mundo ng tao. Bago pa man may magulang-anak, magkapatid na lalake-babe, guro-estudyante, amo-employado – may mag-asawa. Sa pamamagitan ng pagtingin sa mag-asawa, ang lahat ng iba pang mga tao ay matututo ng mga aral na makukuha sa kanilang iba pang mga relasyon. Ang isang bata na may mabubuting magulang na nagmamahalan sa isa't isa, at gumaganap ng maayos, ay magiging mas mahusay na nababagay sa pamumuhay sa isang mundo ng mga relasyon, dahil nakita niya ang isang malusog na relasyon sa kanyang mga magulang.

Pero ang tanong, kung ang ibang relasyon ay ipapaalam sa relasyon ng mag-asawa, ano ang dapat na maging modelo para sa mag-asawa? Nilinaw ng 1 Corinto 11:3:

Datapuwa't ibig kong malaman ninyo, na ang ulo ng bawa't lalake ay si Kristo; at ang ulo ng babae ay ang lalake;  
**at ang ulo ni Kristo ay ang Diyos.**

Ang talatang ito ay karapat-dapat sa malalim na pagbulay-bulayin. Una, ito ay direktang tumutugon sa isang kumplikadong ideya- pamumuno at pagpapasakop. Kapag sinabi nating lalake ang ulo ng babae, marami sa atin ang kinakabahan – lalo na ang mga babae. Iyon ay dahil naririnig ng mga tao

ang pagkaulo at iniisip ang kapangyarihan, dominasyon, kontrol: “gawin mo ang sinasabi ko!” Ito ay nakakatakot, na hayaan ang isang lalake na patakbuhan ang iyong pamilya, lalo na kapag maraming kababaihan ang nag-iisip na sila ay mas matalino kaysa sa kanilang asawa (o alam kung ano ang mas mabuti para sa mga bata kaysa sa kanilang asawa) at iniisip na sila ang dapat na maging ulo.

Ngunit si Paul, *bago* sabihin na ang lalake ay ulo ng babae, ay nagsabi na “ang ulo ng bawat lalake ay si Kristo”. Kaya’t ang lalake ay kailangang magpasakop kay Hesus. Sa pamamagitan ng sarili niyang pagpapasakop kay Hesus, at ang pagkaulo ni Hesus sa kanya, napagtanto ng lalake kung paano niya dapat gamitin ang pagkaulo sa babae, at kung ano ang inaasahan sa kanya sa kanyang pagpapasakop. Ang isang babae na hindi nasisiyahan sa kanyang asawa ay dapat palaging manalangin sa kanyang ulo – si Hesus – tulad ng isang *customer* na nagrereklamo tungkol sa serbisyo sa pagsasabing: “Gusto kong makausap ang *manager* mo!”

Ngunit higit pa rito, paano malalaman ng sinuman kung ano ang ibig sabihin ng pagiging ulo ni Hesus, o sinuman bilang ulo? Ako ba ay may kaugnayan kay Hesus bilang aking ulo nang maayos? Nauugnay ba ako sa lahat ng nasa itaas at nasa ibaba ko nang maayos? Dahil mayroon tayong pagkaulo at pagpapasakop sa napakaraming aspeto ng ating buhay. Bilang isang guro ako ang pinuno ng aking mga mag-aaral, ngunit kailangan kong magpasakop sa aking administratibong superbisor. Magpapasakop ako sa opisyal ng pulisya, ngunit ako ay (uri ng) isang pinuno/head ng aking nakababatang kapatid na babae. Ginagampanan ba natin nang tama ang ating mga tungkulin dito? Napakaraming iba’t ibang uri ng relasyon, napakakomplikado. Kaya tingnan natin ang tunay na relasyon: Ang ulo ni Kristo ay ang Diyos.

Ang relasyon sa pagitan ng Ama-Anak ay ang pundasyong relasyon. Sa kawalang-hanggan, bago ang anumang bagay ay nilikha, sila ay iisa sa Espiritu na magkasama, na kilala ang isa’t isa. Paano ginagamit ng Ama ang pagkaulo? Paano ginagawa ni Kristo ang pagpapasakop? Puro dahil sa pagmamahal at pag-unawa sa isa’t isa, HINDI KAILANMAN sa pag-puwera. Hindi pinangungunahan ng Diyos

ang Kanyang Anak. Hindi pinangungunahan ng Diyos ang Kanyang Anak, pinangangalagaan Niya ang Kanyang Anak, at ito ang paraan ng pag-aalaga Niya kay Hesus, kaya inaalagaan tayo ni Hesus, at kaya inaalagaan din natin ang mga nasa ilalim natin. At paano nagpapasakop si Hesus? Gustung-gusto niyang gawin ang kalooban ng Kanyang Ama, sa katunayan Siya ang kinatawan ng Ama – ang Kanyang salita. Lahat ito ay kusang loob, lahat ay daloy ng pagpapala mula sa Diyos pababa sa atin.

Ngunit sa pagtalikod sa lahat ng maliliit na representasyon, nakikita natin ang Diyos kay Hesus. Sa pagtingin kay Hesus ay makikita natin na kaluwalhatian ng ating Diyos ang magbigay. **“Wala akong ginagawa sa aking sarili,” sabi ni Kristo; “sinugo Ako ng buhay na Ama, at nabubuhay Ako sa Ama.” “Hindi ko hinahanap ang sarili kong kaluwalhatian,” kundi ang kaluwalhatian Niya na nagsugo sa Akin. Juan 8:28; 6:57; 8:50; 7:18. Sa mga salitang ito ay nakalagay ang dakilang prinsipyo na siyang batas ng buhay para sa sansinukob. Lahat ng bagay na tinanggap ni Kristo mula sa Diyos, ngunit kinuha Niya upang ibigay.** Kaya sa mga korte ng langit, sa Kanyang ministryo para sa lahat ng nilikha: sa pamamagitan ng minamahal na Anak, ang buhay ng Ama ay dumadaloy sa lahat; sa pamamagitan ng Anak ito ay nagbabalik, sa papuri at masayang paglilingkod, isang agos ng pag-ibig, sa dakilang Pinagmumulan ng lahat. At sa gayon sa pamamagitan ni Kristo ang paglilibot ng kabutihan ay ganap, na kumakatawan sa katangian ng dakilang Tagapagbigay, ang batas ng buhay. (DA 21.2)

Kaya bilang mga lalake, tayo ay tinatawag na maging pinuno/head ng sambahayan. Tingnan natin kung paano naging ulo ni Kristo ang Diyos. Ibinibigay Niya ang “lahat ng bagay” kay Kristo, protektahan Siya, pinagpapala Siya, sinusuportahan Siya, naniniwala sa Kanya, pinarangalan Siya, hinahayaan si Hesus na kumatawan sa Kanya.

Sapagka't si Hesus ay tumanggap mula sa Diyos Ama ng karangalan at kaluwalhatian, nang dumating sa Kanya ang isang tinig mula sa dakilang kaluwalhatian: "Ito ang aking minamahal na Anak, na lubos kong kinalulugdan." (2 Pedro 1:17)

At sa pagbabagong-anyo, nang si Hesus ay niluwalhati at sina Moises at Elias ay bumaba, sinabi ng Diyos Ama:

Ito ang aking minamahal na Anak: pakinggan Siya. (Marcos 9:7)

Kanino tayo mas malapit sa Diyos o kay Kristo? Si Hesus sa pangkalahatan, dahil mas marami na tayong nakita sa Kanya, ang Diyos ay tila mas malayo. Kaya sa analohiya na ito – ang Diyos ang ulo ni Kristo bilang asawang lalake ay ulo ng asawa – ang Ama ay katumbas ng asawang lalake, at ang Anak ay katumbas ng asawang babae. At hindi ba totoo na mas malapit ang mga bata sa kanilang ina kaysa sa kanilang ama? Oo, dahil mas maraming oras ang mga bata sa kanya, madalas siyang nasa bahay habang nagtatrabaho si tatay, pinapasuso sila sa kanya, mas naririnig nila ang kanyang boses. Kaya ang mga bata ay tumitingin sa kanilang ina upang Makita kung paano makikipag-ugnayan sa kanilang ama. Paano makikipag-ugnayan si nanay kay tatay? Kokopyahin natin siya! Tulad ng pagtingin natin kay Hesus upang makita kung paano Siya nauugnay sa Diyos, at ginagaya natin Siya.

Sa gayon ang lahat ay naayon sa huwaring inilatag, at ang daloy mula sa Diyos patungo sa Anak patungo sa lalake patungo sa babae patungo sa bata ay naitatag. Ito ang huwaran na sinubukang agawin ni Satanas. Sinabi ni *Lucifer* na ako ay magiging katulad ng Kataas-taasan. Isaia 14:12. Nais niyang maging isang ama tulad ng Diyos (lamang na hindi niya nakita ang papel bilang Ama, nakita niya ito bilang pinuno). Ngunit maaari ba siyang lumikha? Hindi hindi niya kaya. Kaya hindi niya talaga alam kung ano ang pakiramdam ng pamumuno ng isang pamilya. Hindi niya alam kung ano ang pakiramdam ng pagiging isang Ama, at naisip lang niya.

Sa totoo lang si Satanas ay lubos na pinarangalan, ngunit gusto niyang maging

mas mataas. Ito ay magiging tulad ng panganay na anak na nagsasabi sa iba pang mga bata, ako ay talagang tulad ng ama. Dapat mo akong parangalan bilang ama, at mas mabuti na magkaroon ng dalawang ama. At bakit tayo makikinig kay nanay, nasa ilalim naman siya ni tatay. Nakikita ba natin kung gaano ito nakakalason? Hindi ba ito nakakalito sa buong pamilya?

May isang mahiwagang talata sa 1 Corinto 11:10 na nagsasabi nito:

Dahil dito, inisip ng babae na magkaroon ng kapangyarihan sa kanyang ulo dahil sa mga anghel.

Ang mga anghel ay dapat matuto mula sa pamilya ng tao. Ang mga anghel ay hindi maaaring magkaroon ng mga anak. Makikita nila na kung paano itinayo ng Diyos ang lahat ay para sa ikabubuti ng buong uniberso. Ang mga alternatibong modelo ng pamilya ay hindi perpekto. At hinahayaan tayo ng Diyos na maglaro niyan sa katapusan ng panahon upang makita natin ang mga kahihinatnan. Asawang lalake-Asawang lalake, *polyamory* (na ibig sabihin 3+ ka taong ikinasal), nag-iisang magulang (Mayroon akong isang pinsan na kamakailan ay nagpunta sa isang *sperm bank* upang magkaroon ng isang anak bilang isang solong ina, may pagpipili siyang pinirmahan na hinding-hindi malalaman kung sino ang ama nito – kahit na pinili niya siya, sa pamamagitan ng larawan at IQ), ang pamahalaan ay nagpapalaki ng mga bata sa halip na mga pamilya, atbp. Ngunit gagana ba ang mga alternatibong modelong ito? Salamat sa Diyos dahil sa kanyang awa at biyaya na maaari Niyang sulitin kahit na sa isang problemang sitwasyon, ngunit ang mga pamilyang ito ay haharap sa matinding paghihirap. May malinaw na ideyal: isang lalake at babae sa ilalim ni Kristo. Sa Efeso 5:22-25 nilinaw nito:

Mga babae, pasakop kayo sa inyong sariling asawa, gaya ng sa Panginoon.

Sapagka't ang asawang lalake ay ang ulo ng asawang babae, gaya ni Kristo na ulo ng iglesia: at siya ang tagapagligtas ng katawan.

Kaya't kung paanong ang Iglesia ay nagpapasakop kay Kristo, ay gayon din

naman ang mga babae sa kanilang sariling asawa sa lahat ng bagay.

Mga lalake, ibigin ninyo ang inyong mga asawa, gaya ng pag-ibig ni Kristo sa iglesia, at ibinigay ang kaniyang sarili dahil dito...

At sa gayon kapag mas pinag-aaralan natin ang relasyon ni Kristo at ng Kanyang simbahan, mas magiging matatag ang ating pagsasama – at mas magiging pagpapala tayo sa ating mga anak, sa ating mga kamag-anak, at sa komunidad sa paligid natin. Aleluya Amen.



# 5 Araw – Pag-aasawa bilang isang Bato sa Lipunan

“Kung gayon ang pinagsama ng Diyos, ay huwag paghiwalayin ng sinoman.” Sinabi nila [ng mga Pariseo] sa kanya [Hesus], “Bakit nga iniutos ni Moises na magbigay ng isang sulat ng paghihiwalay, at upang ilayo siya?”

Sinabi niya sa kanila, “**Dahil sa katigasan ng inyong mga puso** ay pinahihintulutan kayo ni Moises na hiwalayan ang inyong mga asawa: datapuwa’t sa pasimula ay hindi gayon. (Mateo 19:6-8)

Gaano kahalaga ang ikasal? Madalas nating maliitin ito sa panahon ngayon. Ngunit kung itatanong natin: Gaano kahalaga ang pamilya? Pagkatapos ay sasabihin ng mga tao, “Ito ay talagang, talagang mahalaga.” Ngunit hindi ba ang kasal ang puso ng isang pamilya?

Inaamin ko na minamaliit ko rin ang kasal. Madaling gawin ito kapag ang mga tao ay madalas na nakikipag-*date* at naghihiwalay. Nagiging madaling makita ang pag-aasawa bilang isa lamang na relasyon na maaaring mauwi sa isang hiwalayan. Noong nasa unibersidad ako ay nakikipag-*date* ako sa isang babae, at mayroon kaming mga karaniwang problema ng isang relasyon. Gusto kong mag-*party*, gusto niyang mas marami akong oras sa kanya. Nakaka-inis ito sa akin. At anong payo ang ibinigay sa akin ng aking kaibigan? “Basta makipaghiwalay ka sa kanya, hindi mo kailangan yun.” At naging makabuluhan ito sa akin. At naghiwalay kami... at nagkabalikan ulit mamaya... at naghiwalay ulit, atbp.

Ngunit ito ay nananatili sa iyo, ang kaisipang ito ng pagtigil kapag ang mga bagay ay nagiging mahirap. Ang pagputol ng isang tao at pagsunog ng tulay bilang paraan ng pagharap sa pagkabigo. Ngunit hindi ganoon si Hesus. At hindi ganoon ang gusto Niyang maging tayo, at iyan ang dahilan kung bakit gusto Niyang Manahan sa ating mga puso.

Ang mga sinaunang Hudyo ay madali ring makipaghiwalayan/divorce. Nadama ng mga lalake na kanilang karapatan na “hiwalayan” ang kanilang mga asawa, tulad ng mga paganong bansa sa kanilang paligid. Hindi pipilitin ng Diyos ang mga mag-asawang iyon na manatili, kaya nagbigay Siya ng mga batas sa paghiwalay/divorce upang mapahina man lamang ang mapangwasak na mga bunga ng paghiwalay/divorce. Ngunit ang mga batas na ito ni Moises tungkol sa paghiwalay/divorce ay ibinigay dahil sa kanilang KATIGASAN NG PUSO (parang hindi natin kakailanganin ang mga batas na nagsasabing huwag uminom at magmaneho kung walang umiinom ng alak – ang batas na iyon ay ibinigay dahil sa ating katigasan ng puso sa pagmamahal sa alak). Hindi ito perpektong plano ng Diyos para sa kanila. At ang lahat ng nasirang pag-aasawa na ito ay nangangahulugan ng mga sirang pamilya, na nagiging sanhi ng malubhang pagtigas ng puso, at ang bunga nito ay nagmumula sa kanyang kalagayan – parehong noon at ngayon. At ano ang bunga nito? *Dysfunction/pagtiwalag* sa lipunan.

Nakikita ko ngayon na ang matatag na pagsasama at pamilya ang susi sa seguridad, kaligtasan, at katatagan para sa mga indibidwal mismo, para sa mga bata, at para sa lipunan. Kapag nasira ang mga pag-aasawa, nangangahulugan ito ng pagtaas ng bilang ng mga nababagabag at hindi matatag na mga tao sa labas at paligid. Iyan ang nakikita natin sa maraming mahihirap na lugar sa Amerika, kung saan halos lahat ng mga bata ay lumaki sa mga sira at abusadong tahanan, at ito ay gumagawa ng isang napaka hindi ligtas na kapaligiran na dinadala nila sa kung paano nila pinangangasiwaan ang labas ng mundo. Kung walang pagmamahal sa pamilya at pinagsasamantalahan ng mga miyembro ng pamilya ang isa’t isa, bakit kailangan pang magkaroon ng pagmamahal sa mga estranghero na hindi naman pamilya... bakit hindi nalang sila pagnakawan?

Halimbawa, halos 70% ng mga batang *African-American* ay lumaki na may nag-iisang magulang, kadalasan ay isang ina. Ibig sabihin 70% ay walang mga ama. At nakikita natin ang resulta nito sa mga mapanganib na itim na kapitbahayan sa buong Amerika. Isang nakakalason na kultura ng lalake kung saan ang pagiging pinakamatigas ang pinakamahalaga, ang kaamuan at



kahinahunan ay tinatanggal, at ang pagpatay at karahasan ay karaniwan.

Taon-taon habang tumatanda ako, napagtanto ko kung paanong ang katatagan ng pagsasama ng aking mga magulang ay hindi lamang naging pundasyon ng kanilang tagumpay at kaligayahan sa buhay, kundi sa akin din. Ang kanilang pag-ibig ay matatag, at sa gayon ang kanilang pag-ibig sa akin ay matatag, na nagpapanatili sa akin na matatag at matino sa harap ng isang baliw na mundo. Sinisikap ni Satanas na ipalagay sa atin na ang pag-aasawa ay isang pasanin, tulad ng pag-iisip niya sa atin na ang pakikiisa kay Kristo ay isang pasanin. Ngunit ang kasal ay, kasama ng *Sabbath*, ang mga huling humahawak mula sa Halamanan ng Eden, bago dumating ang kasalanan at pagdurusa sa ating mundo. Ito ay patikim ng walang hanggan. Kay Kristo, ang pag-aasawa ay isang maliit na Jerusalem, ang mga pader nito ay nagtatanggal ng masasamang puwersa ng mundong ito. Ito ay isang santuwaryo, na naghahatid ng mga pagpapala mula sa Diyos sa mga nakapaligid sa atin.

Ang mag-asawang lalake at babae ay nagiging isang laman. Ang makadiyos na mag-asawa ay isang ilaw sa mundo. Pinapaniwala nila ang mga tao na totoo at posible ang pag-ibig, at kailangan iyon dahil “Ang Diyos ay pag-ibig.”

<sup>14</sup> Kayo ang ilaw ng sanlibutan. Ang isang lungsod na nakalagay sa isang burol ay hindi maitatago.

<sup>15</sup> Ni ang mga tao ay hindi nagsisindi ng kandila, at inilalagay sa ilalim ng isang takalan, kundi sa isang kandelerero; at nagbibigay ng liwanag sa buong bahay.

<sup>16</sup> Lumiwanag na gayon ang inyong ilaw sa harap ng mga tao, upang Makita nila ang inyong mabubuting gawa, at luwalhatiin nila ang inyong Ama na nasa langit. (Mateo 5:14-16)

Ang isang magandang maayos na pamilya kung saan ang mga magulang at mga anak ay nagmamahalan ay isang kamangha-manghang liwanag sa mundo na hindi maitatago. Nakikita ng mga tao ang pamilyang iyon at luluwalhatiin nila ang Diyos. Dahil ang pagpapalaki ng mga anak sa ating mundo ay

napakahirap ngayon, kapag ito ay ginawa ng tama, ito ay isang himala – maaaring ang matigas na hindi nananampalataya ay muling isaalang-alang ang ebanghelyo. Kaya't patuloy nating alalahanin ang pag-ibig: Mula sa Diyos sa atin, at sa atin sa mga nakapaligid sa atin, at, lalo na, sa banal na pag-aasawa.

At ngayon ay nananatili ang pananampalataya, pag-asa, pag-ibig, ang tatlong ito; ngunit ang pinakadakila sa mga ito ay ang pag-ibig. (1 Corinto 13:13)

Masaya akong dumalo sa kasal nina Enoch at Julia sa simula ng taong 2023. Ang kanilang kasal ay parehong napaka-Indian at napaka-Kristiyano. Ako ay itinuring nila bilang pamilya, at nagkaroon ng pagkakataong lumahok sa lahat ng mga tungkulin ng pamilya – isang espesyal, nakakatuwang, nakakapagod na karanasan.

Bawat umaga at gabi sinisikap naming magkaroon ng mga debosyon bilang isang pinalawak na pamilya, abala kami. Si Enoch ay tumutugtog ng gitara at nangunguna sa pagkanta. Ang mga kanta ay nasa English, Hindi, at Marathi. Maraming kantahan at sayawan sa kasalang ito.

Hiniling sa akin ni Enoch na gumawa ng 5 na debosyonal, na kung ano ang nakolekta dito. Hindi ko ginawa ang mga ito nang eksakto tulad ng pagbabahagi ng mga ito tulad ng nakasulat, ni hindi ko nalampasan ang lahat.

Gayunpaman, isang pagpapala ang sinikap ni Enoch na itatag ang kanyang kasal at ang mga pagpupulong ng pamilya sa pagpapala ng salita ng Diyos.



Pagpalain nawa ng Diyos sina Julia at Enoch at ang kanilang kinabukasan na magkasama. At nawa'y bigyan tayo ng Diyos ng mas masayang pagsasama sa mga huling panahon na ito, bilang mga huwaran ng Kanyang dakilang pagmamahal sa atin.